ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# MGA DULOG SA PAGTUTURO NG PANITIKAN: ISANG PAG-AARAL SA KAHANDAANNG MGA GURO

**Erwin R. Bucjan**

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra20501**
**DOI No: 10.36713/epra20501**

**ABSTRAK**

*Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay alamin ang persepsyon ng mga guro sa kahandaan ng pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino batay sa language base approached, paraphrastic approached, information-based approach, personal response approached at moral-philosophical approached. Ang awtput ng pag-aaral ay makabuo ng interbensiyon sa pagtuturo ng literatura sa asignaturang Filipino.*

*Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng pamamaraang paglalarawan. Kwantitatibong desinyo ang ginamit sa pag-aaral at complete enumeration na sampling ang ginamit sa pagpili ng mga sampol.*

*Ang resulta sa kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng literatura sa asignaturang Filipino ay* ***napaka-handa****. Inirerekomenda ng mananaliksik na magkakaroon pa ng mga relevant trining, seminar at kumperensiya hinggil sa pagtuturo ng panitikan lalong-lalo na sa pagbibigay ng detalye tungkol sa mga elemento ng akdang pampanitikan dahil dito sila mahina.*

**MGA SUSING SALITA*:*** *Pagtuturo, Panitikan, Dulog, Filipino,*

## INTRODUKSYON

Panitikan ang pinakamataas na halimbawa ng paggamit sa wika. Higit kaysa anuman, pangunahing nilalaman ng panitikan ang pambihira, katangi-tangi't pinakamakulay na paggamit sa wika. Kaya, napakahalagang kasangkapan sa pagtuturo ng wika ang pagbasa ng panitikan, Saymada (2012). Dagdag pa niya, hindi isang madaling gawain o tungkulin ang pagsasanib ng wika't panitikan. Nangangailangan ito ng matagal at masusing paghahanda. Mabusising paghahanda.Una, sa paghahanda ng babasahin at kaukulang paraan ng pagsasaayos ng mga ito alinsunod sa hagdan-hagdang mga leksiyong pangwika. Ikalawa, sa paghahanda ng mga guro upang magampanan nang buong husay ang naturang tungkulin. Nangangailangan ng isang mahabang seminar at talakayan ang bagay na ito.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan at ang antas ng kahandaan ng mga guro sa kanilang aplikasyon. Sa kontekstong ito, ang salitang \pamamaraan\ ay tumutukoy sa mga estratehiya at teknik na ginagamit ng mga guro upang maiparating nang epektibo ang mga aralin sa panitikan sa kanilang mga mag-aaral. Layunin ng pag-aaral na tuklasin kung gaano kahanda ang mga guro sa paggamit ng mga pamamaraang ito at kung paano ito nakakaapekto sa pagkatuto ng mga estudyante.

Natuklasan ni Buenviaje (2021), ang antas ng kahandaan ng mga guro sa paggamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan, gaya ng Pamamaraang Tanong-Sagot, Pamamaraang Paulat, at Pagkatutong Interaktibo, ay napakataas. Dagdag pa rito, ipinapakita ng nasabing pag-aaral na ang personal na kamalayan, kawilihan, aksesibilidad, pagsasanay, diskusyon, at takdang-aralin ay ilan sa mga salik na may mahalagang epekto sa kahandaan ng mga guro sa paggamit ng Google Classroom para sa pagtuturo ng Filipino.

Ayon kay Taguan (2011) na sinabi ni Badayos na may malaking bagay na nagagawa ang paraan ng pag-aaral at pagtuturo ng panitikan sa ating mga paaralan. Hinayaan nating magdaos ng paligsahan ang mga mag-aaral sa pagsasaulo ng nilalaman ng panitikan. Naging maluwag tayo sa pagsasabing "magaling" sa sinumang makasasagot ng mga tanong na ang simula ay Sino, Ano, Alin, Kailan, Saan tungkol sa itinakdang aralin sa panitikan. Dagdag pa niya na *s*a pag-aaral ng isang akdang pampanitikan, malimit nang sinasabi ng guro kung ano ang makikita at madarama sa akda.

Sinabi din niya na sa elementary at hayskul *ay* karaniwan sa mga akda ay binabasa para lamang alamin ang mga aral na mapupulot dito. Karaniwan na rin ang pilit na pag-ukilkil ng maraming guro sa kaligirang pangkasaysayan ng isang akda at sa talambuhay ng may-akda. Nakalilimutan yata ng marami na ang panitikan ay hindi kasaysayan. Ginugugol nila ang kanilang panahon sa pagtalakay ng pinagmulan ng isang naisulat na akda o ng mga detalye sa buhay ng isang manunulat. Ang mga ganitong guro ay hindi nagtuturo ng panitikan kundi ng kasaysayan. Ito ang dahilan kung bakit ipinayo ni Badayos (1998) na panitikan ang dapat ituro at hindi ang kung ano pa man. Sa pag-aaral ng isang akdang pampanitikan, malimit nang sinasabi ng guro kung ano ang makikita at madarama sa akda. Ang tungkulin niya na iparanas sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

mga mag-aaral ang kabuuan ng akda ay tuluyan nang kinalilimutan.

Nabanggit ni Gadon (2021) ang pakikinig ay dapat na maging mahusay sa lahat na aspeto ng komunikasyon, dahil ito ang daan sa kung saan tao ay natututunan ang sinasabi ng iba. Narito, siya nagsisimula ng kaalaman o impormasyon kapag ang usapan ay umiikot. Dagdag pa niya, ang pakikinig hindi lamang nagbibigay-galang sa kaalaman ngunit nagbibigay-daan din sa kasiyahan at interes. Kaya, upang maging isang mahusay at epektibo sa pakikinig, kailangan mong matutunan kung paano makakamtan ang kaalaman, impormasyon, sangkot, interes, at kasiyahan. Ang isang tagapakinig agad na nakakakilala sa tunog at damdamin ng pagsasalita ng iba, na maaaring magpakita ng kasiyahan, takot, at kalungkutan. Sa pamamagitan ng tagapagtugon, mahalaga na maging matalino at may malasakit sa naririnig upang matugunan ang kanilang mga sagot at pangangailangan.

Bagama't may mga pag-aaral na nagsusuri sa kahandaan ng mga guro sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng panitikan, limitado ang mga pananaliksik na tumutok sa kahandaan ng mga guro sa paggamit ng iba't ibang dulog sa tradisyonal na pagtuturo ng panitikan. Kailangan ng masusing pag-aaral upang matukoy kung ang mga guro ay sapat na handa at may kakayahan sa pagpili at paggamit ng angkop na dulog sa pagtuturo ng panitikan, lalo na sa kontekstong walang teknolohikal na interbensyon.

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sapagkat, nagbibigay ito ng malinaw na larawan sa kahandaan ng mga guro sa paggamit ng iba't ibang dulog sa pagtuturo ng panitikan. Ang mga natuklasan ay maaaring magsilbing batayan sa pagbuo ng mga programa at pagsasanay na magpapalakas sa kakayahan ng mga guro, na sa huli ay magdudulot ng mas epektibong pagkatuto ng mga estudyante sa larangan ng panitikan.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay alamin ang kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino. Aalamin din ang profayl ng mga respondent batay sa pinakamataas na digri, haba ng pagtuturo, at relevant trining/ seminar/workshyap na dinaluhan. Aalamain din ang kahandaan ng mga guro sa pagtuturo sa asignaturang Filipino batay sa *Language based approached, parapharastic approached, information based approached, personal response approach, at moral-philosophical approach?*

**Metodolohiya**

Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng desinyong kwantitatibo at pamamaraang paglalarawan kung saan pinagtutuunan ng pansin ang umiiral na kalagayan ng isang sitwasyon. *Complete enumeration* na sampling naman ang ginamit sa pagpili ng mga sampol. Ang pokus ng pag-aaral ay alamin ang kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino sa klaser 4A Tago, Surigao del Sur. Ang pamamaraan sa paglikom ng datos ay humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa klaster head para sa pag-aaral at pagsagot sa mga katanungan/instrumento ng mga respondente. Pagkatapos ay nilikom ito at pinag-aaralan.

Ang instrument ay isinalin sa Filipino ng mananaliksik mula sa pag-aaral nina Rashid et al (2010) na pinamagatang "*Approaches Employed by Teachers in Teaching Literature to Less Proficient Students in Form 1 and Form 2"*. Ipinapavalideyt ito ng mananaliksik sa mga gurong nagtuturo ng English at may midyur/minor sa Filipino o *vice versa*. Ang instrument sa pagpapavalideyt ng salin ay mula sa pag-aaral nina. Batang at. Tarun (2008) na pinamagatang *"Isang pag-aaral at pagsasalin ng ilang piling panitikang Iloko sa Filipino".*

Mean at grand mean ang ginamit sa pag-aanalisa ng datos upang matukoy ang kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan. Gumamit ng *4 point likert scale* naman sa pag-susuri sa bawat interpretasyon.

## RESULTA AT DISKUSYON

**Talahanayan 1: Profayl ng mga Respondente**

| Respondents | Pinalamataas na Digri | Midyur | Minor | Haba ng Pagtuturo | Kaugnay na trining/ Seminar Workshyap na dinaluhan |
|---|---|---|---|---|---|
| R1 | BSE | English | Filipino | 18 Taon | > 98 hrs |
| R2 | BSE + MA Units sa English | English | Filipino | 13 Taon | > 98 hrs |
| R3 | BSE + MAFLT Units | Filipino | | 2 Taon | 25-48 hrs |
| R4 | BSE | Aral.Pan | | 6 Taon | 49-72 hrs |
| R5 | BSE | English | | 2 Taon | 25-48 hrs |
| R6 | BSE + CAR MAFLT | Filipino | | 3 Taon | 25-48 hrs |
| R7 | BSE | Math | | 3 Taon | 25-48 hrs |
| R8 | BSE | Filipino | | 2 Taon | 25-48 hrs |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Makikita sa talahanayan 1 ang profayl ng walong respondente. Mababasa na tatlo lamang ang may midyur sa Filipino, dalawa ang may English midyur subalit Filipino minor naman. Datapwat ang tatlong respondente ay wala sa linya sa pagtuturo ng Filipino dahil Math, English at Araling Panlipunan ang kanilang midyur.

Ang datos ay nagpapakita na ang karamihan sa mga guro ay may natapos na **Bachelor of Secondary Education (BSE)** na may midyor sa **Filipino at English**. Ito ay isang mahalagang indikasyon na ang mga guro ay may sapat na akademikong kaalaman sa pagtuturo ng panitikan, lalo na sa Filipino. Gayunpaman, may ilan sa kanila na may midyur sa ibang larangan tulad ng **Matematika at Araling Panlipunan**, na maaaring mangahulugan na hindi lahat ng guro ay may pormal na pagsasanay sa pagtuturo ng panitikan.

Ang haba ng pagtuturo ng mga guro ay nagkakaiba – may mga beteranong guro na may **13-18 taong karanasan**, samantalang ang ilan ay may **2-3 taon** pa lamang sa serbisyo. Ipinapakita nito na mayroong kombinasyon ng mga baguhan at may karanasang guro sa pagtuturo ng panitikan. Ang mga may mas mahabang karanasan ay maaaring may mas matibay na pundasyon sa pagtuturo, habang ang mga baguhang guro ay maaaring nangangailangan pa ng dagdag na pagsasanay at suporta.

Ang ilang guro ay may **higit sa 98 oras ng pagsasanay**, na maaaring nagpapahiwatig ng mataas na antas ng propesyonal na pag-unlad. Gayunpaman, may mga guro rin na may **mas mababang oras ng pagsasanay (25-48 hrs)**. Ang mababang bilang ng pagsasanay ay maaaring makaapekto sa kanilang kahandaan sa paggamit ng iba't ibang dulog sa pagtuturo ng panitikan.

Ito'y maaaring umalinsunod sa pag-aaral ni Naparan (2001). Natuklasan niya na hindi gaanong nahihikayat ang mga guro na magpatuloy ng kanilang pag-aaral sa antas gradwado sapagkat halos kulang pa ang kanilang sahod na panustos dito maliban na lang kung mabibigyan sila ng scholarship na inialok ng DepEd.

**Talahanayan 2: Kahandaan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Panitikan**

| | | Napaka-handa (4) | Handa (3) | Hindi Masyadong Handa (2) | Hindi Handa (1) | Mean | Deskrip-syon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | **A. Language Based Approach** | | | | | | |
| 1. | Makagagabay sa mga mag-aaral sa pagkilala ng kahulugan at pahiwatig ng salita. | 4 | 4 | 0 | 0 | 3.50 | NPH |
| 2. | Makapagtatanong sa mga mag- aaral sa paghula sa susunod na pangyayari mula sa kwento. | 6 | 2 | 0 | 0 | 3.75 | NPH |
| 3. | Makagagabay sa mga mag- aaral sa pagpapahayag ng opinyon o ideya ng teksto. | 4 | 4 | 0 | 0 | 3.50 | NPH |
| 4. | Makapagtatakda ng simpling gamit ng wikang Filipino sa mga gawaing pangliteratura. | 2 | 6 | 0 | 0 | 3.25 | NPH |
| | **GRAND MEAN** | | | | | **3.50** | **NPH** |
| | **B. Parapharastic Approach** | | | | | | |
| 5. | Masasabi muli ang kwento sa mga mag-aaral upang mas lalong maintindihan. | 8 | 0 | 0 | 0 | 4.0 | NPH |
| 6. | Makagagabay sa mga mag-aaral sa pagpapakahulugan ng mga pangungusap mula sa teksto. | 4 | 4 | 0 | 0 | 3.50 | NPH |
| 7. | Makagagamit ng mga simpling salita / terminolohiya sa pagpapaliwanag tungkol sa kwento. | 8 | 0 | 0 | 0 | 4.0 | NPH |
| 8. | Makapagpapaliwanag kung ano ang ibig sabihin ng mga masining o matalinghagang salita.. | 6 | 2 | 0 | 0 | 3.75 | NPH |
| | **GRAND MEAN** | | | | | **3.81** | **NPH** |
| | **C. Information Based Approach** | | | | | | |
| 9. | Makapagbibigay ng detalye tungkol sa mga elemento ng akdang pampanitikan na makikita/ mababasa sa teksto. | 3 | 3 | 2 | 0 | 3.12 | H |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 10. Makakakuha ng mga impormasyon/ideya sa mga mag-aaral batay sa nabasang teksto. | 6 | 2 | 0 | 0 | 3.75 | NPH |
| 11. Makapagpapaliwanag ng pangunahing nilalaman sa nabasang teksto. | 8 | 0 | 0 | 0 | 4.0 | NPH |
| 12. Makapagbibigay ng mga katanungan sa mag-aaral tungkol sa nabasang teksto. | 8 | 0 | 0 | 0 | 4.0 | NPH |
| **GRAND MEAN** | | | | | **3.72** | **NPH** |
| **D. Personal Response Approach** | | | | | | |
| 13. Makagagabay sa mga mag-aaral na maiugnay ang mga paksa o tema sa personal na karanasan. | 8 | 0 | 0 | 0 | 4.0 | NPH |
| 14. Masasabi na paghahambingin ang nabasang teksto sa iba pang naunang nabasa. | 4 | 4 | 0 | 0 | 3.5 | NPH |
| 15. Makakukuha ng mga sagot (response) sa mga mag-aaral tungkol sa teksto. | 6 | 2 | 0 | 0 | 3.75 | NPH |
| 16. Makakahikayat sa mga mag-aral na ipahayag ang damdamin tungkol sa mga isyung nababasa sa teksto. | 6 | 2 | 0 | 0 | 3.75 | NPH |
| **GRAND MEAN** | | | | | **3.75** | **NPH** |
| **E. Moral - Philosophical Approach** | | | | | | |
| 17. Maisasali ang magagandang asal sa leksyun/talakayan | 8 | 0 | 0 | 0 | 4.0 | NPH |
| 18. Masasabi sa mga mag-aaral ang magandang aral na mapupulot sa teksto. | 8 | 0 | 0 | 0 | 4.0 | NPH |
| 19. Maitatanong sa mag-aaral kung anong magandang aral ang mapupulot sa teksto. | 8 | 0 | 0 | 0 | 4.0 | NPH |
| 20. Magagabayan ang mga mag-aaral sa paghahanap ng mga magagandang asal na mapupulot sa teksto. | 8 | 0 | 0 | 0 | 4.0 | NPH |
| **GRAND MEAN** | | | | | **4.0** | **NPH** |
| **TOTAL GRAND MEAN** | | | | | **3.77** | **NPH** |

**Legend:** NPH- Napaka-handa — H- Handa
HMH- Hindi Masyadong Handa — HH- Hindi Handa

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng persepsyon ng mga guro sa kahandaan ng pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino. Batay sa datos, lumalabas na ang mga guro ay may mataas na antas ng kahandaan sa paggamit ng iba't ibang dulog sa pagtuturo ng panitikan. Ang kabuuang **total grand mean na 3.77** ay nagpapakita na karamihan sa kanila ay may tiwala sa kanilang kakayahang gamitin ang mga metodolohiyang ito upang mapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Mapapansin na ang ***language based approached*** ay may grand mean na **3.50** at may deskripsyon na napaka-handa. Ang ikalawang aytem na makapagtatanong sa mga mag- aaral sa paghula sa susunod na pangyayari mula sa kwento ay ang pinakamataas na nakakuha na *mean*. Ito'y may **3.75 mean** at may deskripsyong napaka-handa. Ang ika-apat na aytem naman na makapagtatakda ng simpling gamit ng wikang Filipino sa mga gawaing pangliteratura ang nakakuha ng pinakamababang mean na **3.25** subalit may deskripsyong napaka-handa pa rin.

Bagama't nasa kategoryang ***napaka-handa***, ang ***language-based approach*** ang may pinakamababang **grand mean** na **3.50**. Ipinapakita nito na bagama't may kasanayan ang mga guro sa paggamit ng dulog na ito, may ilang aspeto pa rin na maaaring paunlarin, partikular na sa paggamit ng wika bilang kasangkapan sa pagpapahalaga sa panitikan. Marahil, ito ay dulot ng kakulangan sa pagsasanay o paggamit ng mas makabago at interaktibong estratehiya sa pagtuturo ng wika gamit ang panitikan.

Ito ay nagpapahiwatig na napaka-handa ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino gamit ang panitikan dahil natulungan nila ang mga mag-aaral na madebelop ang kakayahang pagsasalita at nakagagabay sa pagkilala at pahiwatig ng salita. Subalit ito'y taliwas sa ipinalalabas sa isang websayt na filipinotek.wordpress.com (2013) na mga suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino na may kakulangan sa bokabularyong Filipino/Tagalog, di-lubusang paglinang sa kahusayang magamit ang wikang Filipino sa pagtuturo, hirap sa pagtuturo ng mga matatalinghagang salita/pahayag ang guro at mag-aaral at hindi

sapat na kaalaman sa pag-unawa ng iba't ibang pagdulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan.

Ang **paraphrastic approach** ay may **mean** na **3.81**, na nagpapakita ng mataas na kakayahan ng mga guro sa muling pagsasalaysay ng mga kwento at pagpapaliwanag sa mga mag-aaral sa mas simpleng paraan. Mahalaga ito lalo na sa mga mag-aaral na may limitadong kasanayan sa pagbasa o pag-unawa sa malalalim na konsepto ng panitikan. Ang resulta ng pag-aaral ay taliwas din sa sinasabi ng filipinotek.wordpress.com (2013) sa mga suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino. Sinabi nito na may kakulangan sa bokabularyong Filipino/Tagalog at di-lubusang paglinang sa kahusayang magamit ang wikang Filipino sa pagtuturo.

Samantala, ang **information-based approach (3.72)** ay nagpapakita na ang mga guro ay mahusay sa pagbibigay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa mga akdang pampanitikan. Ang dulog na ito ay mahalaga sa pagbibigay ng konteksto sa mga kwento at tula, lalo na sa mga tradisyunal at makasaysayang panitikan. Ang resulta ng pag-aaral ay katulad sa pag-aaral ni Gannaban (2012) sa isang pagsusuri sa persepsyon at aktwal na kahusayan ng pampagtuturo ng guro sa kolehiyo ay naipakita ng mga guro ang kanilang kahusayang pangwika, kahusayan sa nilalaman at estratehiya sa pagtuturo.

Ang **Personal Response Approach (3.75)** ay nagpapakita ng mataas na kakayahan ng mga guro sa paggabay sa mga mag-aaral upang maipahayag nila ang kanilang sariling pananaw, damdamin, at interpretasyon sa mga tekstong binabasa. Ito ay indikasyon ng malakas na kakayahan ng mga guro sa pagpapalakas ng kritikal na pag-iisip at malikhaing pagsusuri sa panitikan. Ito ay sumasang- ayon sa pag-aaral ni Gannaban (2012) na ang mga guro sa pampublikong paaralan ay nagpakita ng kahusayan sa pagtuturo hinggil sa kahusayang pangwika, Kahusayan sa nilalaman, estratehiya sa pagtuturo at kaalman sa pagtataya/pagsusulit.

Ang pinakamataas na rating ay natamo ng **moral-philosophical approach** na may **mean** na **4.00**. Ipinapakita nito na ang mga guro ay may matibay na pundasyon sa paggamit ng dulog na ito upang iugnay ang pagpapahalagang moral at pilosopikal sa pagtuturo ng panitikan. Ito ay may kaugnayan sa pangangailangan na maaaring gamitin ang panitikan bilang kasangkapan sa pagpapanday ng mabuting asal at pagpapahalaga sa kultura, na malimit na binibigyang-diin sa kurikulum ng Filipino. Umalinsunod ang pag-aaral na ito sa pag-aaral ni Taguan (2011) na sinabi ni Badayos na sa elementarya at hayskul ay karaniwan sa mga akda ay binabasa para lamang alamin ang mga aral na mapupulot dito. Sa kabuuan, ang persepsyon ng mga guro sa kahandaan ng pagtuturo ng literatura ay may total grand mean na **3.77** at may deskripsyong napakahanda.

Ipinapakita sa talahanayan, na ang mga guro ay mas bihasa sa mga dulog na nakatuon sa **moralidad, pagpapaliwanag, at personal na pananaw**, kumpara sa mga dulog na nangangailangan ng mas mataas na antas ng paggamit ng wika at istruktura ng panitikan. Ang mataas na resulta sa **moral-philosophical approach** ay maaaring dulot ng pagiging natural na bahagi nito sa tradisyonal na pagtuturo ng panitikan sa Pilipinas, kung saan madalas itong ginagamit upang ituro ang mahahalagang aral sa buhay. Samantala, ang mas mababang resulta sa **language-based approach** ay maaaring nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa mas maraming pagsasanay sa lingguwistikong aspeto ng pagtuturo ng panitikan. Ang mababang mean na ito ay maaaring dulot ng limitadong kasanayan sa paggamit ng mas teknikal na aspekto ng wika tulad ng estruktura, sintaksis, at semantika sa pag-aanalisa ng panitikan.

**Kongklusyon**

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng datos na ang mga guro ay may matibay na pundasyon sa pagtuturo ng panitikan, partikular sa Filipino at English. Subalit, may ilan na may midyur sa ibang larangan na maaaring may limitado ang pormal na pagsasanay sa asignaturang ito. Bagama't may mataas silang kahandaan sa paggamit ng iba't ibang dulog, higit nilang kinagisnan ang *moral-philosophical approach* kumpara sa *language-based approach*, na nangangailangan pa ng pagpapalakas. Ang balanseng distribusyon ng mga beterano at baguhang guro ay nagpapakita ng oportunidad para sa pagtutulungan (*mentorship)* at patuloy na pag-unlad sa larangan ng pagtuturo ng panitikan. Gayunpaman, ang hindi pantay na bilang ng pagsasanay at seminar na dinaluhan ng mga guro ay maaaring makaapekto sa kanilang kahandaan sa pagharap sa mga hamon ng pagtuturo. Kung kaya, mahalagang bigyang-pansin ang pagpapalawak ng pagsasanay at propesyonal na pag-unlad upang matiyak na ang lahat ng guro ay may sapat na kakayahan sa pagtuturo ng panitikan sa makabagong panahon, anuman ang kanilang akademikong karanasan.

**Rekomendasyon**

1. Pagsasagawa ng masusing pagsasanay sa *language-based approach* upang mapalakas ang kahandaan ng mga guro sa paggamit nito. Maaaring magsagawa ng seminar at workshop na nakatuon sa mas epektibong paggamit ng wika sa pagtuturo ng panitikan. Ang pagsasanay na ito ay maaaring magsama ng mga teknik sa pagsusuri ng teksto gamit ang lingguwistikong aspeto at masining na pag-unawa sa panitikan.
2. Pagpapatibay ng *mentorship program* sa pagitan ng beterano at baguhang guro, kung saan ang mga beteranong guro ay magbabahagi ng kanilang kaalaman at estratehiya sa baguhang guro. Makatutulong ito upang mapabilis ang paglinang ng kasanayan ng mga bagong guro sa epektibong pagtuturo ng panitikan.
3. Pagbibigay suporta sa patuloy na propesyonal na pag-unlad upang mapanatili at mapaunlad ang kahandaan ng mga guro. Mahalagang magkaroon ng patuloy na pagsasanay at *professional development programs* sa pagtuturo ng panitikan. Dapat hikayatin ang mga guro na kumuha ng karagdagang *MA units* o sumali sa mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pananaliksik at kumperensya upang mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo.

4. Pagpapalawak ng akses sa mga makabagong estratehiya at kagamitang pampagtuturo upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo ng panitikan. Kailangang bigyan ang mga guro ng mas maraming access sa mga makabagong estratehiya at teknolohiyang pang-edukasyon. Ang paggamit ng *digital resources, interactive learning tools, at multimedia materials* ay maaaring makatutulong upang gawing mas epektibo at mas kawili-wili ang pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral.
5. Magkakaroon pa ng malawakang pag-aaral tungkol sa kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan.

## MGA SANGGUNIAN


1. *Almario Virgilio S (2003). Ang Wika ng Karunungang Filipino (http://www.ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/articles-on-c-n-a/article.php?i=64)*
2. *Batang, Rozel S. at Jaine Z. Tarun, (2008). Isang pag-aaral at pagsasalin ng ilang piling panitikang Iloko sa Filipino. The educators' research journal, official publication of the college of teacher education, isabela state university, Cabagan, Isabela Volume IV January – December 2008.*
3. *Bornilla, Daisy B. (2011). Kahandaan ng mga guro ng Filipino sa implementasyon ng kurikulum ng edukasyong pansekundarya.*
4. *Buenviaje, R. D. (2021). Kahandaan ng mga guro na nagtuturo ng Aasignaturang filipino sa paggamit ng google classroom. EPRA International Journal of Research and Development (IJRD). Vol. 6. Issue: 7. DOI No: 10.36713/epra7754.*
5. *del Castillo, Rowena U. Prosesong Pagdulog sa Pagsulat ng Iba't ibang Teksto sa Elementarya. Alipato 19.*
6. *Gadon, M. F. (2021). Ang pagtuturo ng pakikinig bilang makrong kasanayang pangwika. https://pdfcoffee.com/ang-pagtuturo-ng-pakikinig-bilang-makrong-kasanayangpangwika-pdf-free.html*
7. *Gannaban, Maria Fe (2012). Isang Pagsusuri sa Persepsyon at Aktwal na Kahusayan ng Pampagtuturo ng Guro. Dalumat Ejournal, Vol 3, No. 1*
8. *Naparan (2001) "Learning Enhancement and Activity Program of Public Secondary Schools of the Division of Calbayog City: An Assessment"*
9. *Pagkalinawan, Leticia C. Isang Malikhaing Pagtuturo ng Wika Tungo sa Pagdebelop ng Kasanayang Pangkomunikatibo: Mga Tunguhin at Estratehiya.*
10. *Rashid, R. A. et al. (2010, Vol. 3, No. 4;) Approaches Employed by Teachers in Teaching Literature to Less Proficient Students in Form 1 and Form 2*
11. *Taguan Rolando (2011). Ang Pagtuturo ng Panitikan sa Batayang Edukasyon (mula sa http://www.rabernalesliterature.com/?p=886) Nakuha noong Marsro 10, 2014*
12. *Tompkins, Gail. 2003. Literacy for the 21th Century. (3rd Ed.). New Jersey: Pearson Education, Inc.*
13. *Villafuerte, Pat. et. al. 2008. Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga teorya at Praktika. Mutya Publishing House, Inc.*